# MADALI O MABUTI?: ISANG SIKOLOHIKAL NA PAGDULOG SA PELIKULANG "SEKLUSYON" NI ERIK MATTI

**Theia Jacelle P. Garcia [1] and John A. Ocampo, Ph.D. [2]**

Core Gateway College, Inc.San Jose City, Nueva Ecija, Philippines[1]
Department of Education, Division of Science City of Munoz[2]

Corresponding author's email: theiajacelle.garcia@deped.gov.ph[1] and john.ocampo@deped.gov.ph[2]

---

## ABSTRACT

Studying Filipino film appreciation, students aim to deepen their understanding of one's culture, practice communication, analyze social issues, and promote art, culture, and education. This research was conducted to examine the movie "Seklusyon" by Erik Matti through Psychological Theory (Psycho-Analysis). Qualitative content analysis includes research to explore and determine how a person's experience affects their decision-making. Literary analysis was used in this study, and based on film explorations, the most dominant theme or topic was being aware of the times of darkness and what was genuinely false. The psychological significance of the film's protagonists, Miguel and Anghela Sta. Ana, while the Seclusion place itself, is the House of Sta. Ana and the Convent made up the movie's three (3) settings. The symbolism presented in the film is the black liquid from Anghela, the sudden cut of Miguel's rosary, the wood that Father Ricardo found about Anghela's true personality, the stab that Miguel used on Anghela, and Anghela itself. The experiences in a person's life affect their choices and the defense mechanisms they use to avoid them. These were shown in the theme, each character, and the settings. It appeared that the effectiveness of the analysis was acceptable, as was the development of the module, which can be said to be effective and meaningful for the students. The researcher made an analysis and an evaluation of the analysis. A questionnaire was developed, which was answered by five (5) teachers (one Head Teacher and two Master Teachers) at Caanawan National High School, and the result was sufficient because it obtained a total of 3.95. The researcher developed a module from film analysis that would aid learning for Grade 11 students in response to an

instructional deficit.

***Key Words.*** *Seclusion, psycho-analysis, defense mechanism, black liquid, rosary*

# INTRODUKSYON

Isa sa mga anyo ng sining ang pelikula na kung saan nakapagdulot ito ng malaking impluwensiya sa mamamayan. Nagsisilbi itong repleksyon ng pamumuhay ng bawat indibidwal sapagkat dito mahihinuha ang iba't-ibang mga karanasan kung saan mas nahuhubog ang personalidad at katatagan ng mga manonood sa paglalagay ng kanilang sarili sa mga eksenang kanilang natutunghayan. Ang mga damdamin, kaloob-looban, di-konkretong kaisipan o diwa ay nararapat lamang na maipakita nang malinaw sa *screen*. (Glory, 2015).

Mahalaga ang panonood dahil isa na rin ito sa idinagdag na makrong kasanayan upang matuto ang isang tao. Pinagsama rito ang kombinasyon ng mata at tainga upang mas makakuha ng mensahe at maipaliwanag nang maayos ang nakuhang mga ideya. Idagdag pa, nagbibigay-daan ito sa pagbubukas ng panibagong ideya sa isang paksa, naglalaman din ito ng isang matibay na impormasyon upang makapagbigay ng linaw sa nais ipahiwatig ng isang akda. Ang pagsusuri ay binigyan ng pagpapahalaga ni Desierto (2003), nang sabihin niyang dapat pinahahalagahan ng isang bagay kung ito'y laging tinitingnan, pinakasisiyasat at pinakaiingatan.

Isa sa sikolohikal na pagdulog ang pagtalakay sa sayko-analysis na pinatanyag ni Sigmund Freud. Pangunahin itong nakatuon sa pag-aaral ng tungkulin at ugali sa sikolohiya ng tao, bagaman maaari rin itong gamitin sa mga lipunan. Mayroon itong tatlong pangunahing nilalaman: una ay isang metodo ng imbestigasyon ng isip at ang paraan kung paano mag-isip ang isang tao; isang sistematikong pangkat ng mga teoriya hinggil sa ugali ng tao.

Maikukumpara ang pelikula sa sitwasyon ng buong sambayanang Pilipino na nabubulag sa mga tinatawag na *false leaders* na siyang sinang-ayunan mismo ng direktor at sumulat ng kuwento ng pelikula. Mahina ang mga Pilipino sa paghusga sa karakter at dapat na mamuno sa bansa, madali raw mauto lalo na sa mga nakikita at iniidolo sa social media. Isa ito sa dahilan bakit pinili ng mananaliksik na suriin ang pelikulang ito – upang maipamulat sa mga mag-aaral na hindi dapat lahat ng nakikita sa social media ay dapat paniwalaan.

**Suliranin ng Pag-aaral.** Masuri kung paano nakaimpluwensiya sa karanasan ng tao sa pagdedesisyon at ang nakapaloob sa kahalagahang sikolohikal na makikita sa tema, tauhan, at tagpuan ng pelikula.

## METODOLOHIYA

Isang kwalitatibo at ginamitan ng *literary analysis* ang papel na ito. Ang pelikulang "Seklusyon" ni Erik Matti ay sinuri sa pamamagitan ng paggamit ng Teoryang Sayko-analysis – *Defense Mechanism* ni Sigmund Freud (1856-1939) ang ginamit sa pag-aaral na ito. May layunin ang sikolohikal na dulog na ipaliwanag sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga salik sa pagbuo ng naturang pag-uugali, paniniwala, pananaw, pagkatao sa isang tauhan sa akda. Pinanood ng mananaliksik ang pelikula at sinuri ang mga tauhan, tagpuan, banghay at tema. Matapos ay pina-*validate* ng mananaliksik maging ang modyul na nilikha sa dalubguro ng Caanawan National High School.

## RESULTA AT TALAKAY

Sa bahaging ito ay inilahad ang kabuoan ng pagsusuring ginawa ng mananaliksik sa pelikulang "Seklusyon" ni Erik Matti gamit ang teoryang sikolohikal.

**Kahalagahang Sikolohikal sa Pelikula Batay sa Tema, Tauhan at Tagpuan**

**Tema**

Makikita sa Talahanayan Blg. 1 ang mga kahalagahang Sikolohikal sa pelikula batay sa paksa.

Talahanayan Blg. 1 Kahalagahang Sikolohikal sa Pelikula batay sa Tema.

| Pamagat ng Pelikula | Kahalagahang Sikolohikal batay sa Tema |
|---|---|
| Seklusyon | Pagiging mulat sa panahon ng kadiliman at sa kung ano ang tunay na huwad |

Sa kabuoan ng Talahanayan Blg. 1, sinasabi rito na umiikot sa temang pagiging mulat sa panahon ng kadiliman at sa kung ano ang tunay na huwad ang pelikulang Seklusyon ni Erik Matti. Ipinakita sa

pelikula kung paano hinarap ng tauhan ang kaniyang suliranin sa pagpasok niya sa seklusyon dahil sa paghahanda niya bilang isang diakuno. Mahihinuha na lahat ay may kani-kaniyang kapamaraanan sa usaping pagdedesisyon, maging sa kanilang mga naging desisyon na nakaaapekto at bumabalik sa kanila noong nasa loob sila ng seklusyon. Ayon kay Rabu (2022) ang tema o paksa ng isang pelikula ay nagpapakita ng realidad na talagang nangyayari sa lipunan maging sa ngayon. Napapanahon ang pelikulang ito sapagkat sa mga delubyo at pandemyang naranasan ng mga tao, bihira na lang ang nagpapairal ng kabutihan.

## Tauhan

Makikita sa Talahanayan Blg. 2 ang mga kahalagahang Sikolohikal sa pelikula batay sa mga tauhan.

**Talahanayan Blg. 2 Kahalagahang Sikolohikal sa Pelikula batay sa mga Tauhan**

| Mga Tauhan | Diyalogo | Kahalagahang Sikolohikal |
|---|---|---|
| 1. Miguel – na ginampanan ni Ronnie Alonte, isang diyakuno na kung saan may mapait na nakaraan sa paghihiwalay nila ng kasintahang si Erina. | "Hindi ka totoo, hindi ako naniniwala sa'yo, gawa ka ng demonyo! Lubayan mo ako!" (*Running Time:* 45:09-45:16) | Nasa seklusyon na si Miguel noong mga panahon na ito at ginugulo siya ng mga alaala niya sa dati niyang kasintahan na si Erina (*na lumilitaw bilang isang santo*) upang gambalain siya. Nagpapakita siya rito ng tinatawag na *Repression (defense mechanism)* upang hindi siya maaapektuhan ng dati niyang karanasan. |
| | "Anghela! Sino ka ba talaga? 'Yun ka ba talaga? Isang 'mesiahs' na dakilang tagapagligtas?" (*Running Time:* 1:00:06-1:00:17) | Sa pagkakataonga ito, kinukwestyon na niya kung si Anghela nga ba ang tunay na pinadala ng Diyos sa kanila, pinapagana na niya ang *Superego* na kung saan pinag-iisipan niya kung tama ba talaga na kasama nila si Anghela at ang madre sa seklusyon. |
| | "Hindi ko sinasadyang iwanan si Erina. Ginawa ko lang 'yon dahil sa tingin ko iyon ang desisyon na alam | Ito ang kuwento kung bakit sinasama ni Miguel sa *Repression* ang kuwento nila, dahil sa nagkaanak sila at namatay dahil nagbigti si Erina – ngunit huli nan ang |

| | | |
|---|---|---|
| | kong makabubuti sa kaniya."<br>(*Running Time:* 1:01:21-1:01:28)<br><br>"Kung iyon ang kailangan para itama ang mali, gagawin ko… Diyos ko, patawad…"<br>(*Running Time:* 1:17:19-1:17:39) | malaman niya dahil mas pinili niya ang ambisyon na maging pari.<br><br>Sa huli, napairal ni Miguel ang pagdedesisyon – na magsakripisyo kahit ang kapalit ay ang mangyayari sa kaniyang buhay. Siya na ang kumitil sa buhay ni Anghela upang hindi na ito makapag-impluwensiya pa ng kasamaan. |
| 2. Anghela Sta. Ana – ang batang naghihimala, na pinaniniwalaang isang nabubuhay na santa na sa tuwing nanggaagamot siya ay may lumalabas na itim na likido sa kaniyang bibig. | "Ayaw po ng Panginoon na kayo ay nahihirapan, hindi niyo naman kailangan magtiis." ((*Running Time:* 52:10-52:16)<br><br>"Kumusta kayo ni Fabian? Parang may gusto siya sa iyo. O baka ikaw ang may gusto? Parehas talaga kayo ng nanay mo. P-ta siya, p-ta ka. 'Di ba gusto mong ginagahasa ng mga sundalo?"<br>(*Running Time:* 52:56-53:30)<br><br>"Hindi mo kailangang pagsisishan 'yan. Wala namang masama kung makipaglaro ka sa mga bata. Gusto mo laro tayo?"<br>(*Running Time:* 56:33-56:44)<br><br>"Pipiliin ng tao ang madali, hindi ang mabuti. Ang mabuti para sa kanila ay ang makuha nila ang gusto nila nang walang kasamang paghihirap." | Itong apat na dayalogo na ito ang pagpapakita ng pang-aakit ni Anghela kina Marco, Carlo, Fabian at Maria Cecilia (madre). Dito ipinapakita ang sikolohikal na epekto ng isang tao upang makapag-impluwensiya at makaapekto sa pag-uugali ng isang tao. Sa pamamagitan ng pagbibigay niya ng mga salita, paghihimala at pagpapadali ng paghihirap nila, mas nagagawa niyang kontrolin ang mga ito upang mapasunod sila na sumamba sa kaniyang panginoon.<br><br>Isa ito sa pinakapaksa at dito umikot ang kuwento ng pelikula, lahat ng tao ay dumaraan sa pagpili ng desisyon – at pinipili ng tao ang sa tingin niya ang makabubuti at mapadadali ang kaniyang buhay kahit na |

| | | |
|---|---|---|
| | (*Running Time:* 1:13:26-1:13:36)<br><br>“Darating ang araw na hindi mo na malalaman kung sino ang peke at sino ang totoo. | minsan hindi na ito ang tuwid at tama. Ayon kay Freud, ay mayroong *conscience* o konsensiya kung saan ang tao ay pinipili ang naaayon sa moralidad na prinsipyo. |

Makikita sa kabuoan ng Talahanayan Blg. 2 ang mga tauhan nabanggit na nagpakita ng kahalagahang sikolohikal sa pelikula, ang tauhan ay sina Miguel, ang bida sa kuwento na nagpakita ng matinding pagdedesisyon sa pagpili ng mabuti at hindi. Isa rin sa tauhan si Anghela Sta. Ana na ipinakita ang pagpili ng tao sa pagitan ng mabuti at hindi.

Makikita na may ilang mga nabanggit na kahalagahang sikolohikal sa mga tauhan sa Seklusyon na nagpakita ng *defense mechanism* sa sikoanalisis na pagtingin. Ilan sa mga ito ang nagpamalas ng *Displacement, Regression* at ang *Denia*l. Sa pag-aaral ni Palero (2016), nakasalalay sa maayos at makatotohanang pagkakahabi ng tauhan ang pagiging epektibo ng isang akda. Ipinakikita lang dito na isa ang tauhan sa pinakamabigat na gampanin sa isang kuwento o akda, kung hindi dahil sa kanila, hindi uusad at walang saysay ang isang kuwento.

## Tagpuan

Makikita sa Talahanayan Blg. 3 ang mga kahalagahang Sikolohikal sa pelikula batay sa mga tagpuan.

**Talahanayan Blg. 3 Kahalagahang Sikolohikal sa Pelikula batay sa mga Tagpuan**

| Tagpuan | Kahalagahang Sikolohikal |
|---|---|
| a. Lumang Seklusyon sa gitna ng gubat | Ipinakita sa tagpuan ang karaniwang buhay ng mga diakuno noong unang panahon, na ikinukulong ng isang linggo upang malampasan ang mga tukso bago ordinahan bilang isang pari. Dito rin halos umikot ang buong kuwento sa pelikula. Masasalamin sa tagpuan na ito na maraming isinisilid at ikinukubli ang tao na mga karanasan na ayaw na nila muling balikan at maranasan, ang paghihirap sa tuwing bumabalik ang mga masasakit na alaala, at ano ang magiging kahihinatnan ng isang tao sa pagpili niya ng gustong tahakin – ang mabuti, tuwid at tama o ang masama, madali at mali. |
| b. Bahay ng mga Sta. Ana | Mayroong isang bahagi sa kuwento na sinasabi na mahirap lamang daw ang mga Sta. Ana, at |

| | |
|---|---|
| | simula noong dumating ang madre sa buhay ni Anghela, nagkaroon na ng bayad ang pagpapagaling ng bata at dahil dito ay lumago naging marangya ang buhay. Sinasalamin ng tagpuan na ito ang isa sa mga ginagawa noon at ngayon ng mga tao, na nagpapabayad o tumatanggap ng bayad para sa sariling interes at upang mapadali ang proseso ng mga bagay-bagay. |
| c. Convent of the Immaculate Mother, Camarines | Dito kung saan nanggaling ang madreng si Maria Cecilia, at nandito rin natuklasan ni Padre Ricardo ang lihim ng madre at lihim ng bata na itinago rin ng mga madre. Sinasalamin sa tagpuan na ito na marami talaga ang nangyayari sa loob ng simbahan na hindi nakikita ng mga tao – ang mga gawaing ito na para sa kanila ay makaDiyos ngunit hindi makatao. |

Makikita sa kabuoan ng Talahanayan Blg. 1.3 na tatlo (3) ang tagpuan na nagbigay-diin sa kahalagahang sikolohikal – ang lumang seklusyon sa gitna ng gubat, bahay ng mga Sta. Ana at sa *Convent of the Immaculate Mother sa Camarines*. Sa pamamagitan ng lugar na naging tagpuan sa pelikula ay naipakita ang kahalagahang sikolohikal sa iba't ibang kapamaraanan katulad na lamang ang lumang seklusyon, dito mas marami ang naging eksena mula sa pagpasok ng mga diakuno, ang pagpunta ni Anghela at ang madre, ang pagsanib at pagsamba nila kay Anghela, ang pagsugod ni Padre Ricardo at ang pagtatapos ng kasamaan ni Anghela. Ipinakita ng pelikula na maaaring malaki ang gampanin ng tagpuan sa magiging takbo ng isang pelikula na sinuportahan ni Davis (2021), mahalaga ang *setting* dahil nakakatulong ito sa atin na makita kung saan nabubuhay ang mga tauhan sa mga kuwentong binabasa natin.

## Simbolismo

Makikita sa Talahanayan Blg. 4 ang mga simbolismo na siyang nagbigay ng kasangkapan sa takbo ng pelikula.

**Talahanayan Blg. 4. Pagbibigay kahulugan sa mga Simbolismo sa Pelikula**

| Simbolismo | Pagpapaliwanag |
|---|---|
| **1. Itim na likido na lumalabas kay Anghela**<br>Litrato 1: | Kasamaan – lumalabas ito sa tuwing siya ay nagpapagaling. Ito rin ang pinainom niya sa mga diakuno na pinasunod niya sa kaniya, at ito rin ang lumabas sa bibig niya noong pinatay siya ni Miguel.<br><br>Litrato 1: Ipinakita rito si Anghela Sta. Ana, |



na nasa kanilang tahanan, at dinadayo ng mga taong naniniwala sa kaniya upang sila ay mapagaling sa kanilang karamdaman. (*Running Time:*3:40)

Litrato 2:



Litrato 2: Ito ang panahong nakumbinsi niya ang mga diyakuno na maniwala sa kaniya at maging alagad niya, bilang simbolo, ininom nila ang itim na likido. (*Running Time:*1:09:55)

Litrato 3:



Litrato 3: Eksena kung saan sinaksak ni Miguel si Anghela at itim na likido ang lumabas sa kaniyang bibig. (*Running Time:*1:17:48)

**2. Pagkaputol ng Rosaryo ni Miguel**



Pagsubok sa pananampalataya kung hanggang saan ang kaya niyang isakripisyo. Nangyari ang eksena na ito pagkapasok ni Miguel sa Seklusyon, at ginagambala siya ng alaala ni Erina, nasunog ang bibliyang binabasa niya dahil natumbahan ng lampara, nadamay pati ang rosary sa nasunog at nang hawakan niya, napaso ang kaniyang kamay at nag-iwan ng marka. (*Running Time:*26:16)

**3. Kahoy na natagpuan ni Padre Ricardo sa dating bahay ng Sta. Ana**




Ito ang pinakasimbolo kung bakit napatunayan ni Padre Ricardo na isang huwad na propeta si Anghela. Natagpuan ang kahoy na ito nang balikan ni Padre ang dating bahay ng mga Sta. Ana. (*Running Time:*1:09:20)

**4. Pagsaksak ni Miguel kay Anghela**



Sa huli, nang malaman ni Miguel ang pakay ni Anghela – na maging isang alagad ng simbahan ngunit susunod sila sa utos at pangangalaga ng kaniyang panginoon, hindi na siya nagdalawang isip na tapusin ang kasamaang ito. Sumisimbolo ito na pagtapos sa kasamaan na siyang ibinabahagi ni Anghela sa kasamahan niya. (*Running Time:*1:17:42)

**5. Anghela Sta. Ana**



Siya ang mismo simbolo sa tunggalian ng mabuti at masama, maging ang kainosentihan at kataksilan. (*Running Time:*1:11:44)

Makikita sa kabuoan ng talahanayan Blg. 4 ang mga simbolismo na nakapaloob sa pelikula na nailahad sa talahanayan ang itim na likido na nagmula kay Anghela na sumisimbolo ng kasamaan, ang pagkaputol ng rosaryo ni Miguel na nagpapakita ng pagsubok sa kaniyang pananampalataya, ang kahoy na natagpuan ni Padre Ricardo kaya niya natuklasan ang pagkatao ni Anghela, ang panaksak na ginamit ni Miguel kay Anghela, at kahit ang batang si Anghela mismo ay nagbigay ng pagpapakahulugan sa pagitan ng mabuti at masama. Ayon nga kay MasterHare (2020), ang mga imahen ay ang mga elemento na ginagamit

sa paglikha ng mga larawan sa isip. Habang mas tumatagal, mas nakapagbigay ng linaw sa isipan ng manonood ang nais iparating sa kuwento nang dahil sa mga imahen at simbolo sa pelikula. May mga bahagi sa isang kuwento o isang pelikula na ayaw na ibigay ang kahulugan, at nais ng mga gumawa na mag-isip din ang mga manonood. Sa pelikulang Seklusyon, ipinakita na ang mga simbolismo at mga imahen kung bakit hindi dapat paniwalaang propeta si Anghela.

## Kabisaan ng Nabuong Modyul

Isinagawa ang pagtataya sa kabisaan ng nabuong modyul sa pamamagitan ng talatanungang ipinasagot sa limang (5) dalubguro sa Caanawan National High School, Dibisyon ng San Jose City.

Makikita sa talahanayan bilang 5 ang kabisaan ng nilikhang modyul na ginawa ng mananaliksik.

**Talahanayan Blg. 5. Kabisaan ng Nabuong Modyul**

| Batayan | DG 1 | DG 2 | UG 1 | G 1 | G2 | Pinagsamang tuos | Berbal na Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Layunin | 4 | 4 | 3.6 | 4 | 4 | 3.92 | Sapat |
| Nilalaman | 3.8 | 4 | 4 | 4 | 4 | 3.96 | Sapat |
| Pagkakabuo | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | Sapat na sapat |
| Pagtataya | 3.6 | 4 | 4 | 4 | 4 | 3.92 | Sapat |
| **Kabuoan** | | | | | | 3.95 | Sapat |

Pananda

4- Sapat na sapat
3- Sapat
2- Hindi Sapat
1- Kailangan ng Pagbabago

Isinagawa ang pagtataya sa kabisaan ng nabuong modyul sa pamamagitan ng talatanungang ipinataya sa dalawang (2) Dalubguro, dalawang (2) guro at isang (1) Ulongguro sa Caanawan National High School. Nagkaisa ang mga tagataya sa kabisaan ng talaan ng mga gawain batay sa pangkabuoang resulta na 3.95 na nangangahulugang sapat ang ginawang awtput.

Sa batayang layunin, ang naging resulta ng pinagsamang tuos ay 3.92 na nangangahulugang sapat. Sa nilalaman naman ay 3.96 na ang interpretasyon ay sapat. Sa pagtataya ay 4, na nangangahulugang sapat na sapat at panghuli ay ang pagtataya na nakakuha ng 3.92 na

nagpapatunay na sapat ang ginawang pagtataya sa talaan ng mga gawain. Nangangahulugan lamang na naging mabisa, makahulugan at makabuluhan ang nabuong "modyul" ng mananaliksik.

## KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa mga nakalap na datos at impormasyon, ang mananaliksik ay humantong sa sumusunod na kongklusyon, (I) ang temang pinakanangibabaw sa pelikula ay ang pagiging mulat sa panahon ng kadiliman at sa kung ano ang tunay na huwad. (II) Lumutang sa pelikula ang kahalagahang sikolohikal ang mga bida sa pelikula na sina Miguel at Anghela Sta. Ana samantalang ipinakita ang (III) Seklusyon, ang Bahay ng mga Sta. Ana at ang Kumbento ang bumubuo sa tatlong (3) na tagpuan sa pelikula. (IV) Ang mga simbolismo na nakapaloob sa pelikula ay ang itim na likido na nagmula kay Anghela, ang pagkaputol ng rosaryo ni Miguel, ang kahoy na natagpuan ni Padre Ricardo kaya niya natuklasan ang pagkatao ni Anghela, ang panaksak na ginamit ni Miguel kay Anghela, at kahit ang batang si Anghela mismo. (V) Nakaiimpluwensiya sa mga karanasahan sa buhay ng isang tao ang pagpili nila ng kanilang mga desisyon sa buhay at *defense mechanism* ang ginagamit nila upang maiwasan ang mga ito. Ipinakita ang mga ito sa mismong tema, sa bawat tauhan, at sa mga pinagyarihan. Lumitaw na ang kabisaan ng ginawang pagsusuri ay katanggap-tanggap gayundin ang nabuong modyul na masasabing mabisa at makahulugan para sa mga mag-aaral ang modyul batay sa resulta ng pag-aaral.

Kaugnay ng isinagawang pag-aaral, buong pagpapakumbabang iminumungkahi ng mananaliksik sa mga kinauukulang indibiduwal, pangkat, tanggapan o institusyon ang mga sumusunod na rekomendasyon: una, pag-ibayuhin pa ang pag aaral at pagsusuri sa pelikula hingil sa mga elemento nito tulad ng tema, tauhan, tagpuan, simbolismo at banghay upang masuri nang wasto. Ikalawa, suriin pa ang ilang mga eksena na nalapatan ng Sikolohikal na pagdulog at palalimin pa ang pagtalakay sa mga eksena. Ikatlo, ipasuri sa iba pang mga kawani ng Department of Education ang isinagawang pag-aaral upang mas mataya ang kabisaan ng pag-aaral. Ikaapat, ang nabuong madyul ay sumailalim dapat sa pagsusuri na ginagamit sa Rehiyon III ng Department of Education upang mas matiyak pa ang kabisaan nito. Ikalima, para sa mga magtatangkang panoorin ang pelikulang ito, isagawa ang tamang proseso ng pagsusuri ng pelikula, at buksan ang isipan sa usaping relihiyon upang matunton ang nais iparating ng pelikulang ito at ikaanim para sa mga susunod na mananaliksik,

magkaroon ng mas malawak na pag-aaral sa pagsusuri ng pelikula gamit ang iba pang dulog o teoryang maaaring ilapat, o kung ano pa ang kakulangan sa dulog sikolohikal na naibahagi ng mananaliksik na magiging batayan ng pag-aaral. Panghuli, mangyaring mailathala ang papel na ito para sa pagpapaangat ng panitikang Pilipino at makatulong sa mga kaguruan ng sekondarya.

# REFERENCES

David, R. (2022). Simbolismo mula sa https://www.slideshare.net/RioGDavid/simbolismopptx-253146810

Desierto, E. (2003). Pelikula ng Pilipino (Paghambing sa Pag-aaral sa mga Pangunahing Wika sa Pilipinas) pahina 17-18 Modyul 1.

Glory. (2015). Pelikula mula sa https://www.slideshare.net/delcriz/pelikula

MasterHare (2020). Pagsusuri-ng-Pelikula-GRV mula sa https://www.coursehero.com/file/65097629/PAGSUSURI-NG-PELIKULA-GRVApdf/ Saint Louis University, Baguio City

Palero, J.M. (2016). Filipino 9 Ang Tauhan bilang Elemento ng Akdang Pasalaysay mula sa https://www.slideshare.net/jmpalero/filipino-9-ang-tauhan-bilang-elemento-ng-akdang-pasalaysay

Seklusyon (2016). mula sa https://www.youtube.com/watch?v=cS0lgamKiXY